JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Oksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4



Zest for Progress
Z P

# EPP 4 IA

## Ika-apat na Markahan- Modyul 5:

Nakikilala ang mga materyales na makikita sa pamayanan sa Pagbuo o Pagbabago ng produktong gawa sa kahoy,ceramics karton,o lata (o mga materyales na nakukuha sa pamayanan)



Pangalan : ________________________________________

Baitang at seksyon: ______________________________

Paaralan: ________________________________________

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Irene A. Piquero
Editor: Jerry M. Perong
Tagasuri: Elsa Q. Aranas
Tagaguhit: Irene A. Piquero
Tagalapat: Peter Alavanza
Tagapamahala: Felix Romy A. Triambolo,CESO VI
Oliver B. Talaoc , Ed. D
Ella Grace M. Tagupa , Ed. D
Jerry M. Perong
Jephone P. Yorong Ed.D



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nakikilala ang mga Materyales na Makikita sa Pamayanan sa Pagbuo o Pagbabago ng Produkto na Gawa sa Kahoy,Ceramics,Karton, o Lata ( o mga materyales na Nakukuha sa Pamayanan)



# Subukin

Awitin ang rap na nasa ibaba:

**YO, YES YES, YO!**

**Tingin dito, tingin doon, Sa paligid nating bigay ng Poon Maraming bagay na mayroon Sa proyektong naisip Materyales na tugon Niyog, buri; dahon at kawayan Abaka, damo, kahoy at talahib man Kapaki-pakinabang silang tunay Halina't gamitin ng buong husay Yo, yes yes yo!**

Sagutin ang mga tanong:

1. Tungkol saan ang sinasaad na awiting rap?
2. Ano-anong materyales na matatagpuan sa pamayanan ang nabanggit sa awiting rap?
3. Magbigay ng mabuong proyekto sa mga materyales na nabanggit?
4. Bakit mahalaga ang pangangalaga sa mga bagay na nasa ating kapaligiran?



# Balikan

**Panuto:** Batay sa nakaraang aralin ninyo tungkol sa Pangkaligtasan at Pangkalusuganng Panuntunan sa Paggawa . Gawin ninyo ang mga sumusunod na nararapat na gawin sa paggamit ng mga kasangkapan sa paggawa.
Lagyan ng TSEK ( ⁄) ang patlang kung dapat gawin at EKIS (X) kung Hindi.

_______________ 1. Gumamit ng kasangkapang angkop sa bawat gawain.

______________ 2. Ilagay sa bulsa ang mga kagamitan at kasangkapang matutulis.

_______________ 3, Ingatan ang paggamit ng matalas na kagamitan at kasangkapan.

_______________ 4. Makipaglaro habang gumagawa.

______________ 5. Maghintay ng pagkakataon sa paggamit ng kasangkapan kapag ito'y kulang.

| Aralin 5 | Makikilala ang mga Materyales na Matatagpuan sa Pamayanan sa Pagbuo o Pagbabago ng Produktong Gawa sa Kahoy,Ceramics,o Lata (o mga Materyales na Nakukuha sa Pamayanan |
|---|---|



# Tuklasin

Basahin ang mga sumusunod na impormasyon na ibinigay at intindihing mabuti.

Bawat materyales ay may angkop na gamit na dapat alamin upang makagawa ng higit na maganda at matibay na proyekto. Ilan sa mga materyales na matatagpuan sa pamayanan ay ang mga sumusunod.

1. TABLA O KAHOY – Ang kahoy at table ay nagmula sa mga puno tulad ng Molave, Narra, Yakal, Kamagong, Apitong at iba pa. May ba't-ibang sukat at lapad nito kaya't makakapili ng naaayon sa laki at anyo ng proyektong gagawin. Tiyakin lamang na ang uri ng kahoy na gagamitin ay tuyong-tuyo na upang maiwasan ang pag-urong, pagkiwal at medaling pagkabulok at pagkasira nito.
   Mga halimbawa: mesa, upuan, cabinet, aparador, divider at iba pa.
2. ABAKA- ito ay isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon, dahil higit na malalapad ang dahon nito kaysa sa dahon ng saging. Ang mga hibla nito na buhat sa puno ang siyang ginagamit sa paggawa ng basket, punasan ng paa, tsinelas, sinturon, mga palamuti at iba pang kagamitang pambahay. Kilala rin ang abakasa paggawa ng lubid at pisi.
3. NIYOG- ito ay tinatawag na "Puno ng Buhay" o "Tree of Life" dahil sa ang bawat bahagi nito ay may sadyang gamit. Mula sa mga ugat hanggang sa mga dahon ay napapakinabangan.

4. BURI- ito ay pinakamalaking palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas. Ang mga nagagawang hibla ng buri ay kinukuha sa mga murang dahon at ginagawang banig, salakot, sombrero, pamypay, bag, lubid, basket at iba pa. Ginagawa ding walis tingting at basurahan ang buong palapa nito.

5. NITO-ito ay isang uri ng Fern o pako na may dahon, ugat at tangkay, ngunit walang bulaklak at buto. Makikita itong tumutubo nang pagapang at pumupulupot na animo'y baging.Malimit itong tumutubo sa mga malimlim at lagging basing lugar. Ginagamit itong pantahi sa gilid ng bilao, basket at bag at iba pang palamuti.
6. NIPA- ito ay isang uri ng palmera na tumutubo sa mga tubigan. Ang mga mura at hindi pa bukang dahon ay itinitipon nang hiniwalay at pinatuyo sa araw. Ginagamit ang mga ito sa paggawa ng mga kapote at pamaypay. Ang mga magugulang na dahon naan ay ginagamit na pangbubong ng bahay.
7. RATTAN- ang halamang ito ay tumutubo sa halos lahat ng lalawigan. Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, bag, baskey, duyan at mga palamuti.
8. DAMO- Kilala sa mga halamang damo na may mahalaga ang vetiver at tambo. Ang damong vetiver ay karaniwang tumutubo sa mga latian at pampang. Ang mga ugat ay inilulubog sa tubig sa loob ng 20 minuto at saka babayuhin upang maalis o matanggal ang balat. Ito ay giangamit sa paggawa ng mga pamaypay dahil sa kaaya-aya ang amoy nito. Ang tambo ay karaniwang tumutubo sa Bataan kung saan ma mga lugar na mamasa-masa tulad ng gilid ng mga sapa. Mainam gamitin ang damo sa paggawa ng mga walis.
9. Seramika- Ang uri ng lupa na ginagamit sa mga produktong seramika ay luwad o clay. Ito ay pino, malagkit at karaniwang kulay pula,dilaw at pula.
10. Metal- Ito ay uri ng element kagaya ng aluminyo, pilak, ginto at iba pa.



# Suriin

Itambal ang mga pahayag na nasa hanay A at sa hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| ______ 1. Uri ng halaman na nahahawig sa Puno ng saging na ginagamit sa paggawa ng Basket, tsinelas at iba pa. | a. BURI |
| ______ 2. Ang mga magugulang na dahon ay Ginagamit na pangbubong ng bahay. | b. KAHOY |
| ______ 3. Kilala sa tawag na yantok at ginagamit Sa paggawa ng mga muwebles. | c. RATTAN |
| ______4. Isa sa pinakamalaking palmera na Tumutubo sa bansang Pilipinas. | d. NIYOG |
| ______ 5. Kilala sa tawag na “puno ng buhay” Dahil mahalaga at magagamit ang bawat Bahagi nito. | e. NIPA |
| | f. ABAKA |



# Pagyamanin

A. Magsaliksik ng iba pang materyales na matatagpuan sa inyong pamayanan na maaaring gamitin sa pagggawa ng mga proyekto. Gumawa ng talaan sa mga proyekto na maaari mong gawin,

| Mga Materyales | Proyekto na Maaaring Gawin |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



# GAWAIN

Ano-anong proyekto ang maaaring magawa sa sumusunod na mga materyales? Pagtambalin ang mga materyales Hanay A at ang proyekto na maaaring mabuo sa Hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Buri | A. Muwebles, bag, basket, duyan |
| 2. Niyog | B. Lubid o pisi, pamunasan ng paa |
| 3. Rattan | C. pantahi sa gilid ng bilao, basket, at bag |
| 4. Abaka | D. Banig, sombrero, pamaypay |
| 5. Nito | E. mga kagamitang pambahay, sinturon, |

Walis tingting, alkansiya at iba pa



# Isaisip

Punan ang mga puwang sa bawat bilang upang mabuo ang wastong pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salita sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| VETIVER | SERAMIKA | NIYOG | BURI | NITO |
| DAMO | KAHOY | ABAKA | BANIG | TAMBO |

___________ 1. Ang materyales na ito mula sa lupa na malagkit, pino na kulay pula na tinatawag na clay o luwad.
___________ 2. Isang uri ng halaman na nahahawig sa isang puno ng saging maliban sa dahon nito.
___________ 3. Ito ay isang uri ng damo na karaniwang tumutubo sa latian at pampang. Ito ay ginagamit sa paggawa ng pamaypay dahil sa kaaya-ayang amoy nito.
___________ 4. Ito ay kilala sa tawag na "Tree of Life" dahil sa dami ng gamit nito, mula ugat hanggang dahon.
___________ 5. Ito rin ay isang uri ng damo na mainam gamitin sa paggawa ng walis.



# Tayahin

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa inyong sagutang papel.

1. Ang mga sumususnod ay mga materyales na makikita natin sa ating pamayanan. Alin dito ang maaari nating gamitin sa paggawa ng bahay?
   A. Abaka B. Niyog C. Pandan D. Nito
2. May mga damo na kilala na may halaga dahil malaki ang pakinabang nito sa atin. Alin dito ang damo na may kaaya-ayang amoy na maaari nating gamitin sa paggawa ng pamaypay?
   A. Pandan B. Tambo C. Vetiver D. Bermuda
3. Ito ay isa sa mga kilalang damo na mainam gawing walis?
   A. Bermuda B. Tambo C. Vetiver D. Pandan
4. Ang mga sumusunod ay uri ng palmera na maaari nating gamiting materyales sa gagawin nating proyekto. Alin dito ang HINDI.
   A. Kahoy B. Niyog C. Buri D. Nipa

5. Ang mesa, upuan, cabinet, aparador at divider ay ilan lamang sa mga proyekto na nagawa mula sa aling materyales?
   A. Kahoy B. Nito C. Damo D. BURI
6. Alin sa mga sumusunod na produkto na gawa mula sa buri na ginagamit nuon hanggang ngayon?
   A. Banig B. sinturon C. pamunasan ng paa D. Plato
7. Bakit Kailangan nating pangangalagaan ang mga materyales na makikita natin sa ating pamayanan?
   A. Dahil dito natin kinukuha ang mga materyales sa anumang paggawa na maaari nating gawing pangkabuhayan.
   B. Dahil ito ay nakapagpaganda sa ating kapaligiran.
   C. Dahil ito ay nakakatulong sa pagpapanatiling may lilim at maiwasan ang pagbaha.
   D. Lahat na nabanggit.
8. Sa inyong pamayanan may maraming mga materyales na makikita ngunit hindi ito napakinabangan? Paano mo hikayatin ang iyong mga kasapi upang magamit at mapakinabangan ang mga nakatagong materyales sa inyong pamayanan?
   A. Mag imbita ng "Resource Speaker" upang tuturuan sila ng iba't-ibang livelihood project mula sa mga materyales sa kanilang pamayanan.
   B. Pupulungin ang mga kasapi at sasabihin na dapat gamitin ang mga materyales para di masayang kung hindi napakinabangan.
   C. Magkaroon ng paligsahan kung sino ang makakabuo ng magagandang proyekto mula sa mga materyales sa paligid ng pamayanan.
   D. Lahat na nabanggit.
9. Paano nakakatutulong sa iyong pamilya ang pagkaroon mo ng kaalaman sa iba't-ibang paggawa mula sa mga materyales sa ating paligid?
   A. Wala itong maitutulong. Hindi na uso ang mga nasabing bagay.
   B. Ito ay nakapagbigay lang ng abala sa ibang mga tao.
   C. Ito ay nakapagbigay ng dagdag kita sa pamilya kung ikaw ay makabuo ng isang proyekto.
   D. Nakasasayang tingnan ang mga proyekto na iyong nagawa. Nakakawala ito ng stress.
10. Alam natin ngayon na marami ng mga bagay na gawa mula "New Technology". Ang sa iyo ay mula lamang sa mga materyales na makikita sa inyong pamayanan. Paano mo gawin ang iyong proyekto na maraming tumatangkilik o bumibili?
   A. Hahayaan na lang dahil ito lang ang alam kong disenyo at paraan.
   B. Mananaliksik ako ng makabagong disenyo at paraan sa paggawa ng isang produkto upang maging iba sa iba.
   C. Ipamimigay ko na lang ang aking mga nagawang produkto.
   D. Hihinto na lang ako sa paggawa dahil hindi na ito ang uso ngayon.



# Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, Gumuhit/ gumupit ng isang disenyo ng proyekto na nais mong gawin mula sa materyales na iyong matatagpuan sa paligid ng pamayanan.

## *Susi sa Pagwawasto*

**BALIKAN**

1. /
2. X
3. /
4. X
5. X

**ISAISIP**

1. KAHOY
2. ABAKA
3. VETIVER
4. NIYOG
5. TAMBO

**ISAGAWA**

1. D
2. E
3. A
4. B
5. C

**TAYAHIN**

1. B
2. C
3. B
4. A
5. A
6. A
7. D
8. D
9. C
10. B

## *Sanggunian*

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran
5 Home LIFE K to 12 Grade4